

# 2020 Senso: ang aming misyong bilangin ang bawat isa

Sinumulan na ng Kagawaran ng Senso ng U.S. ang minsan-sa-isang-dekadang pagsisikap nitong magsagawa ng isang senso sa populasyon at pabahay. Ang aming misyon ay upang bilangin ang bawat isa nang minsan, minsan lang, at sa tamang lugar. Ang mga kalakarang panlipunan, pandemograpiko, at panteknolohiya ay naghahatid ng mga hamon sa paghahanap ng mga tao at paghihikayat ng sagot sa kadekadang senso. Bilang resulta, ang ilang grupo ng populasyon ay “mahirap bilangin.” Itinutuon ng Kawanihan ng Senso ng pansin at mga mapagkukunan sa populasyong “mahirap bilangin” upang masiguro ang kumpleto at wastong bilang ng lahat ng populasyon.


## Paano inilalarawan ng Kawanihan ng Senso ang mga populasyong “mahirap bilangin”?

Karaniwang kasama sa mahirap bilangin na mga populasyon ay ang mga mahirap hanapin, gaya ng mga sambahayan na maaaring hindi makita sa listahan ng address ng Kawanihan ng Senso. Mahirap kontakin ang ilang populasyon dahil lagi silang lumilipat, nakakaranas na mawalan ng tirahan, o nakatira sa mga komunidad na may gate.

Maaari ring kabilang sa mga populasyong mahirap bilangin ang mga mahirap hikayatin dahil kulang sila sa pagtitiwala sa gobyerno at sa paraang gagamitin ang kanilang data. Maaari ring mahirap bilangin ang mga ito dahil sa mga hadlang sa wika o mahinang access sa internet.

Wala sa listahan ng address ng Kawanihan ng Senso ang mga yunit ng pabahay

Laging lumilipat, mga taong nakakaranas na mawalan ng tirahan, mga hadlang sa pisikal na pag-access gaya ng mga komunidad na may gate



Ang pagsali ay hinahadlangan ng mga balakid sa wika, mahina ang kakayahang bumasa at sumulat, kulang sa pag-access sa internet

Kulang sa pagtitiwala sa gobyerno, mababa ang antas ng paglahok sa gawaing sibiko

## Maaaring mapabilang ang mga populasyong mahirap bilangin sa maraming kategorya. Kabilang dito ang:

- > Maliliit na batang wala pang limang taong gulang.
- > Mga taong laging lumilipat.
- > Mga minoridad na panlahi at etniko.
- > Mga hindi nagsasalita ng Ingles.
- > Mga taong mababa ang kita.
- > Mga taong nakakaranas na mawalan ng tirahan.
- > Mga hindi dokumentadong dayuhan.
- > Mga taong hindi nagtitiwala sa gobyerno.
- > Mga taong kabilang sa LGBTQ.
- > Mga taong may kapansanan sa pag-iisip o pangangatawan.
- > Mga taong hindi nakatira sa tradisyunal na pabahay.

Makipag-ugnayan sa amin:

@uscensusbureau

Para sa karagdagang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV**

Bigyang hugis  
ang inyong  
kinabukasan  
MAGSIMULA DITO >

United States®  
**Census**  
2020

## Paano inilalarawan ng Kawanihan ng Senso ang mga populasyong “mahirap bilangin”?

Ginagawa ng Kawanihan ng Senso kahit ang mga ekstraordinaryong bagay upang bilangin ang bawat isang nakatira sa bansa nang minsan, minsan lang, at sa tamang lugar, kabilang ang mga nasa mga populasyong mahirap bilangin.

Kabilang sa mga paraang ito ang:

- Pagberipika ng mga listahan ng address gamit ang teknolohiya ng satellite at mga naglilista ng address na nagsusuri ng mga address sa mga komunidad sa buong bansa.
- Paghahatid nang personal ng mga materyales ng 2020 Senso sa mga natatanging lugar, gaya ng mga malalayong nayon sa Hilagang Alaska at ang mga lugar na naapektuhan ng mga likas na kalamidad, gaya ng Bagyong Michael sa Florida.
- Pagsasagawa ng isang espesyal na operasyon upang bilangin ang “Grupong Tirahan,” mga lugar kung saan nakatira ang mga tao sa pabahay sa kolehiyo, mga tirahan na may taga-alaga (nursing homes), sa mga base militar, at sa mga kulungan.
- Pakikipagtulungan sa mga lokal na kasosyo upang tukuyin ang mga lokasyon, gaya ng mga masisilungan at walang bayad na kainan, upang pinakamahusay na bilangin ang mga taong nakararanas na mawalan ng tirahan.

## Mga mapagkukunan para sa mga taong may kapansanan

Upang matulungan ang mga Amerikanong may kapansanan, magagamit ang mga patnubay sa wika sa American Sign Language, braille, at malalaking letra mula sa 2020census.gov. Isasama rin sa Tulong sa Palatanungan ng Senso ang nakatuon na numero ng telepono para sa mga taong gumagamit ng device na pantelekomunikasyon para sa mga hindi nakakarinig at nahihirapang makarinig.

## Mga mapagkukunan para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.

Magagamit sa 12 wikang hindi Ingles ang palatanungan sa internet at Tulong sa Palatanungan ng Senso: Espanyol, Tsino, Vietnamese, Koreano, Ruso, Arabe, Tagalog, Polish, Pranses, Haitian Creole, Portuges, at Hapon. Magagamit sa 59 na wikang hindi Ingles ang mga gabay sa wika, glosaryo, at mga kard sa pagtukoy ng wika. Magagamit ang mga papel na palatanungan sa Ingles at Espanyol.

> Espanyol	> Haitian Creole	> Bengali	> Romanian	> Tamil	> Tigrinya	> Igbo
> Tsino	> Portuges	> Griyego	> Telugu	> Navajo	> Ilocano	> Marathi
> Vietnamese	> Hapon	> Amharic	> Burmese	> Hungarian	> Dutch	> Sinhala
> Koreano	> Italyano	> Somali	> Punjabi	> Hebrew	> Croatian	> Slovak
> Ruso	> Farsi	> Thai	> Lao	> Malayalam	> Bulgarian	> American Sign Language
> Arabe	> Aleman	> Gujarati	> Hmong	> Swahili	> Twi	
> Tagalog	> Armenian	> Khmer	> Albanian	> Yiddish	> Lithuanian	
> Polish	> Hindi	> Nepali	> Turkish	> Indonesian	> Yoruba	
> Pranses	> Ukrainian	> Urdu	> Bosnian	> Serbian	> Czech	

Bilang karagdagan, kukuha ang Kawanihan ng Senso ng mga tagapanayam upang gumawa sa kanilang mga sariling komunidad nang sa gayon sila ay pamilyar sa, at sinasalita ang wika ng, kapitbahayan kung saan sila gumagawa.

Makipag-ugnayan sa amin:

@uscensusbureau

Para sa karagdagang impormasyon:

**2020CENSUS.GOV**

**Bigyang hugis  
ang inyong  
kinabukasan  
MAGSIMULA DITO >**

United States®  
**Census  
2020**